# Mga Palanguyang Lawa (Swimming Pool) Pagkatapos ng Sunog

## Maging Maingat. Maging Ligtas. Protektahan ang Iyong Kalusugan



Ang mga sumusunod na gabay ay inirerekomenda para sa pagpapanatili ng mga lawa (pool) na naapektuhan ng usok at abo. Depende sa dami ng abo, usok, o mga labi ng sunog sa iyong languyang lawa (pool), maaaring kailangan mong ipasuri at ipatasa ang iyong languayang lawa (pool) sa isang propesyonal sa pag-aalaga ng pool.

### Huwag gamitin ang languyang lawa (pool) hanggang hindi pa kumpleto ang mga sumusunod na hakbang:

- Linisin ang panalang mga basket ng dumi at salain ang ibabaw ng tubig ng languyang lawa (pool) ng panala ng languyang lawa (pool net) para tanggalin ang mga lumulutang na dumi.
- Kuskusin ang mga gilid at ilalim ng lawa (pool) para matanggal ang mga kontimante, pagkatapos ay i-vacuum ang languyang lawa (pool).
- Hugasan ng pabaligtad (backwash) at linisin ang (mga) panala [filter]. Palabasin ang mga basura at maruming tubig sa **munisipal na sistema ng imburnal (municipal sanitary sewer) lamang**. Kung nakakonekta sa isang sistema ng poso negro (septic tank system), palabasin ang hinugasang pabaligtad (backwash) sa isang may puwang na ibabaw tulad ng graba, damuhan, o bukas na espasyo para masipsip ito ng hindi nagdudulot ng pagguho ng lupa.


**Ang paghuhugas ng pabaligtad (backwashing) papunta sa sistema ng daluyan ng bagyo [storm drain system (mga eskinita, daanan, kalsada, at imburnal ng bagyo)] at mga sapa ay ipinagbabawal ng batas.**

- Suriin ang pH at ayusin ang antas sa pagitan ng **7.2** at **8.0**.
- Suriin ang antas ng libreng klorin at ayusin ito ng hindi bababa sa **2.0 ppm para sa languayang lawa (pool) at 3.0 ppm para sa spa**.
- Siguraduhin na maayos ang pagpapatakbo ng sistema ng muling sirkulasyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa presyon ng panala (filter) at/o metro ng pagdaloy (flow meter).
- Buksan lamang muli ang languyang lawa (pool) kapag ang mga antas ng pH ay nasa pagitan ng **7.2** hanggang **8.0** at ang libreng klorin ay hindi bababa sa **2.0 ppm para sa languyang lawa (pool) at 3.0 ppm para sa spa**.

### Bakod ng Palanguyang Lawa (Swimming Pool)

**Ang mga bakod ng languyang lawa (pool) at spa ay maaaring masira ng sunog ng mga apoy. Ang mga palanguyang lawa (swimming pool) at spa ay dapat palibutan ng proteksyong bakod para mapigilan ang pagkalunod, mga pinsala, at iba pang mga panganib:**

- Ang bakod ay dapat na may taas na **na hindi bababa sa 60 pulgada** mula sa lupa.
- Ang mga puwang ay hindi dapat lumampas sa **4 na pulgada** para mapigilan ang pagpasok ng maliliit na bata.
- Ang mga tarangkahan at pasukan ay dapat sariling nagsasara at ikinakandado ang sarili.





Para sa mas marami pang impormasyon, mangyaring kontakin ang Dibisyon ng Pangkapaligirang Kalusugan, **Programa sa Tubig Panglibangan [Recreational Waters Program]** sa **(626) 430-5360** o **rhealth@ph.lacounty.gov**. [Tagalog/Filipino]

County of Los Angeles Public Health

# Muling Pagtatayo ng Palanguyang Lawa (Swimming Pool) at Spa

Maaaring masira ng apoy ang istraktura ng mga palanguyang lawa (swimming pool ) at spa, kabilang ang balangkas (shell), platapormang palapag (deck), kagamitan, at bakod. Pagkatapos ng isang sunog sa kalikasan (wildfire), mangyaring sundin ang mga tagubilin sa ibaba para kumpunihin o muling ayusin ang inyong languyang lawa (pool). Hindi inirerekomenda na alisan ng tubig ang languyang lawa (pool) kung ang lupa ay hindi matatag o may mataas na tubig sa ilalim nito, dahil maaari itong magdulot ng paggalaw, bitak, o iba pang pinsala sa languyang lawa (pool).

## Mga Residensyal na Palanguyang Lawa (Swimming Pool) at Spa



Ang programa ng Estado para sa pag-alis ng dumi/kalat ay hindi nagtatanggal ng mga materyales mula sa pagkukumpuni nglanguyang lawa (pool). Ang mga may-ari ng languyang lawa (pool) ang responsable sa mga pahintulot, mga materyales mula sa demolisyon, at pagsasagawa ng demolisyon.


Kontakin ang inyong **lokal na Kagawaran ng Gusali at Kaligtasan (local Building and Safety Department)** para sa mga kinakailangan at tagubilin hinggil sa pagkukumpuni ng istraktura ng languyang lawa (pool) at/o mga kagamitan.

Para sa mga hindi inkorporadong mga lugar (unincorporated areas) ng LA County, mangyaring kontakin ang **Kagawaran ng Pampublikong Gawain, Dibisyon ng Gusali at kaligtasan (Department of Public Works Building and Safety Division) sa (626) 458-5100**.

## Pagpapalabas ng Tubig sa Languyang Lawa (Pool)

Kung kinakailangan ng alisan ng tubig (drainage) ang isang languyang lawa (pool), maari itong gawin ng mga residente ng hindi inkorporadong lugar sa pamamagitan ng umiiral na 3 pulgadang bitag na p (p-trap) na ikinabit na may permiso mula sa Gusali at Kaligtasan (Building and Safety). Ang mga residente ng mga inkorporadong lungsod ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang lokal na Gusali at Kaligtasan (Building and Safety) para sa mga kinakailangan para sa pag-alis ng tubig sa languyang lawa (pool). Ang mga may-ari ng alat-tubig na languyang lawa (salt water pool) ay pinapayuhang makipag-ugnayan sa kanilang lungsod upang matukoy kung saan maaaring legal na palabasin ang tubig ng languyang lawa (pool).

## Pampublikong Palanguyang Lawa (Swimming Pool) at Spa



Ang lahat ng pampublikong palanguyang lawa (swimming pool) at spa na nasa mga hotel/motel, gusali ng apartment, condominium, paaralan, health club, parke ng lungsod, parke ng mobile home, pasyalan (resort), organisasyon, parke na may tema ng tubig (water theme park), at mga medikal na pasilidad ay may permiso ng Dibisyon ng Pangkapaligirang Kalusugan (Environmental Health).

Kontakin ang **Programa sa Tubig Panglibangan (Recreational Waters Program)** para sa mga kinakailangan at pagsusumite ng plano sa konstruksyon kaugnay ng anumang pagkukumpuni ng mga languyang lawa (pool) at/o kagamitan.

**Paglilinis ng Platapormang Palapag (Deck)** - Linisin ang platapormang palapag (deck) ng languyang lawa (pool) at itapon ang kalat/dumi kasama ng mga solidong basura. Huwag gumamit ng hose para hugasan ang platapormang palapag (deck) o gumamit ng pang-ihip ng dahon (leaf blower) dahil maaaring mapunta ang mga kalat/dumi sa mga imburnal ng bagyo (storm drain) at sa hangin. Una, bahagyang wisikan ng tubig ang platapormang palapag (deck) para mabawasan ang dami ng alikabok at abo na maaaring kumalat sa hangin. Pangalawa, gumamit ng matigas na brutsa o walis para walisin at ilagay ang kalat/dumi sa isang supot ng basura. Maaari ring gumamit ng pamunas (mop) at timba para linisin ang platapormang palapag (deck).

# Nagpaparami ng Lamok



Ang hindi naaalagaang languyang lawa (pool) o spa ay nagkakaroon ng hindi nagagamit na tubig, na ginagawa itong lugar ng pagpaparami para sa pangingitlog ng lamok na makakagawa ng **libo-libong lamok** sa loob lamang ng ilang linggo. Ang mga lamok ay maaaring magkalat ng malulubhang sakit, tulad ng West Nile Virus at Zika Virus.

Mahalagang mapigilan ang mga kondisyon na nagpaparami ng lamok para matigil ang mga sakit.

**Paalala:** Ayon sa mga Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, ang mga may-ari ng bahay ay responsable sa pagpigil at paglipol ng anumang pagpaparami ng lamok sa kanilang ari-arian.

**Hindi kinakailangang mawalan ng tubig sa languyang lawa (pool).** Sa halip, gamitin ang mga sumusunod na hakbang sa pagpigil para makontrol ang pagpaparami ng lamok sa mga bakanteng palanguyang lawa (swimming pool) o spa:

1. **Pampuksa ng Lamok (Mosquito dunks)** — isang bilog na solidong bagay na hugis donut na inilalagay sa tubig ng palanguyang lawa (swimming pool) para puksain ang mga itlog (larvae) at ito ay mabibili sa anumang hardware o tindahan ng pananim.
2. **Isdang pamuksa ng lamok (mosquito fish)**— ay mga maliliit na isda na kumakain ng mga itlog (larvae) ng lamok. Kung ginamit ang isdang pamuksa ng lamok, ang mga kemikal (tulad ng klorin) ay hindi dapat ilagay doon o idadagdag sa tubig.

Para sa isdang pamuksa ng lamok (mosquito fish), at paglalagay nito (treatment) at karagdagang tulong, mangyaring kontakin ang inyong **lokal na Distrito ng Pagkontrol ng Lamok.**